

UGNAYAN

Tatlong Buwanang Lathalaing ng Extension Services, Cavite State University, Indang, Cavite

TOMO XVIII BILANG 4

OKTUBRE - DISYEMBRE 2020

Kasunduan ng QRP ng STAARRDEC, pormal na nilagdaan

Pormal na nilagdaan noong Nobyembre 23 ang kasunduan o *Memorandum of Agreement* (MOA) ng Quick Response Project (QRP) sa pagitan ng Southern Tagalog Agriculture, Aquatic and Resources Research and Development Consortium (STAARRDEC) at iba pang ahensyang katuwang sa proyektong pinamagatang "Pagpapayabong ng Produktong Agrikultura: Sagot ng STAARRDEC Kontra COVID-19".

Bumisita sa tanggapan ng iba't ibang ahensya sina Gng. Lorna C. Matel, Gng. Bernadette S. Amparo, Gng. Paula Gie C. Ducusin at G. Joselito F. Ersando, *Sundan sa p. 2*



Si Hon. Mayor Salamat ng Alfonso habang lumalagda sa MOA

Ika-15 EIHR sa *new normal*, isinagawa

Alinsunod sa mga patakarang pangkalusugan dahil sa pandemya, isinagawa ang kauna-unahang *Extension In-house Review* (EIHR) sa new normal noong Oktubre 21 gamit ang Zoom application. Ito ang ika-15 Extension In-House Review na taun-taong isinasagawa upang ilahad ang proyekto at kapaki-pakinabang na resulta ng mga gawaing pang-ekstensyon ng mga kolehiyo/kampus/RDE yunit ng Unibersidad. Nagiging daan din ito upang ang mga *extensionist* ay makapagbahagi ng mga karanasan tungkol sa kanilang proyekto habang nagbibigay naman ng suhestiyon ang mga tagasuri upang higit na mapahusay ang pagsasagawa ng mga gawaing pang-ekstensyon.

Robles, pangulo ng CvSU, ang *review* ay pagbabalik-tanaw sa mga ginawa at natapos na proyektong pang-ekstensyon. Binigyang-diin ng pangulo ang *institutional social responsibility* na nakatuon sa pananatili ng magandang epekto ng mga proyekto sa komunidad. Dagdag pa niya, ang gawaing ito ay isang lugar upang balikan ang mga polisiya, proseso at serbisyo upang mas *Sundan sa p. 6*



Poster ng Extension In-House Review



Mga Nilalaman

Mga proyekto ng ES, ibinahagi sa RE-UNITE ng CvSU-Carmona	2
2 MS ng Cavite, tumanggap ng parangal	3
CvSU - TGP accomplishment, inilahad sa taunang TGP summit	3
Matel, evaluator para sa FITS Kiosk sa CALABARZON	4
PALUME, inilunsad	5
Amparo, lumahok sa pambansang pagsasanay sa horticulture	6
Unang pagsasanay sa QRP, isinagawa	7
Seco Laolao para sa mga mangingisda, sinimulan ng CvSU-CC	7
CvSU, dumalo sa pulong ng CSO - Cavite	8
CvSU, Silan Farm, naglunsad ng limang pagsasanay	9
TDF, dinalaw ang Banaba Cerca Farmers Association	9
SciCAT, namahagi ng papaya sa FITS Centers	10
Matel, dumalo sa pagpupulong ng RAFEN	10
STAARRDEC, ibang ahensya, nagpulong para sa proyekto kontra COVID-19	11
ES, namahagi ng IEC at face masks sa FITS Centers	12

Sa mensahe ni Dr. Hernando D.

MGA BALITA

Mga proyekto ng ES, ibinahagi sa RE-UNITE ng CvSU-Carmona

Ibinahagi ni Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng Extension Services (ES), ang mga proyektong isinasagawa ng ES sa ginanap na “*Strengthening R&E Through Knowledge Innovation and Community Development in the New Normal*”, isang webinar sa ikalawang taon ng RE-UNITE Research and Extension as One ng Cavite State University (CvSU) - Carmona Campus.

Bukod sa proyektong *Transforming Silan's Farm in Indang, Cavite into Science and Technology-based Convergence of Agriculture and Tourism* (SciCAT) na pinangungunahan ni Dr. Novicio, inilahad din niya ang ilan sa mga gawain ng limang dibisyon ng ES.

Kabilang sa mga gawain ng Technology Promotion Division sa pangunguna ni Gng. Lorna C. Matel ang pagdalo sa mga pagpupulong at programa ng mga katuwang na ahensya tulad ng DA-ATI CALABARZON, pagbisita sa FITS Centers, at patuloy na pagbibigay ng teknikal na serbisyo sa mga magsasaka. Inaasikaso naman ng Community Engagement and External Relation Division sa pangunguna ni G. Joselito F. Ersando ang pakikipagpulong at pagpapanatili ng ugnayang propesyonal sa mga ahensya bilang kapartner sa mga proyekto at programa ng ES. Samantala, patuloy na pagbabahagi ng kaalaman sa pagsasanay ukol sa agrikultura o *webinar* naman ang ginagawa ng Training and Courseware Development Division sa pangunguna ni G. Bernadette S. Amparo. Ang Monitoring and Evaluation Division sa pangunguna ni Bb. Julita M. Mojica ang namumuno upang mapanatili ang maayos na relasyon sa *adoptors* at *beneficiaries* na naging kabahagi sa mga naisagawang



Dr. Novicio, tagapagsalita sa 2nd RE-UNITE

pagsasanay kasabay ng pagsubaybay sa naumpisahang negosyo ng mga dumalo sa *seminar*. Pagpapanatili naman ng kaayusan at patuloy na pagpapayabong ng proyektong agrikultura sa unibersidad ang isinasagawa ng Technology Demonstration Farm na pinamumunuan ni G. Rodrigo H. Diloy, katuwang ang mga masisipag na manggagawa sa *demonstration farm*. Bukod dito, naging malaki rin ang papel ng ilang kawani ng ES upang mas mapayabong ang mga nasabing proyekto sa kabila ng pandemya.

Ang pagbabahaging ito ni Dr. Novicio ay nagsilbing inspirasyon sa mga dumalong guro at empleyado upang kanilang magamit bilang gabay sa pagbuo ng mga programa sa kani-kanilang departamento. (PGCDucusin)

Kasunduan ng QRP ...

mula sa p. 1

mga kawani ng CvSU-ES, para sa nasabing pakay. Lumagda si Gng. Eugenia Mojica para sa Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center ng Alfonso, si Mayor Randy Salamat para sa LGU-Alfonso, si Gng. Revelyn Cortez, provincial director, para sa DTI-Cavite, si Gng. Marites Piamonte Cosico, center chief, para sa panig ng DA-ATI IV-A, at si Dr. Lilibeth P. Novicio para sa CvSU-ES.

Samantala, lumagda rin sa kasunduan sina Dr. Herminigilda A. Gabertan, Center Chief ng Bureau of Plant Industry – Los Baños National Crop Research, Development Production Support Center (BPI-LBNCRDPSC), Dr. Marilyn M. Escobar, *consortium director* ng STAARRDEC, at Dr. Hernando D. Robles, presidente ng CvSU.

Sundan sa p. 11



Ms. R. Cortez ng DTI-Cavite at Dr. H. Gabertan ng BPI - LBNCRDPSC habang lumalagda sa MOA

MGA BALITANG TGP

2 MS sa Cavite, tumanggap ng parangal

Tumanggap ng parangal mula sa Department of Agriculture (DA) ang dalawang Magsasaka Siyentista (MS) ng Cavite sa ginanap na *Regional Organic Agriculture Achievers Awarding Ceremony* sa La Vida Resort and Events Center, Lipa City, Batangas noong Nobyembre 27.

Tinanghal na *Outstanding Farmers' Group* sa CALABARZON ang Yakap at Halik Multipurpose Cooperative na pinamumunuan ni G. Gabriel Arrubio, MS ng Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center ng Gen. Emilio Aguinaldo (Bailen). Nagsisilbing lugar-sanayan ng organikong agrikultura para sa mga magsasaka at estudyante ang nasabing kooperatiba. Gumagawa rin sila ng organikong *wood vinegar* (Mokusaku), *liquid/foliar fertilizer*, *plant growth enhancer*, *natural pesticide* at *insect repellent*, *bio-fungicide*, *bio-herbicide*, *compost activator*, *deodorizer*, *stabilizing agent*, *probiotic* para sa manok at baboy. Daan-daang litro na ng mga produkto ang nagawa ng kooperatiba para sa mga miyembro, mga sakahan sa Cavite at mga kalapit lalawigan. Layon ng samahan na patuloy na isulong ang organikong pagsasaka, maitaas ang antas ang



pamumuhay ng lahat ng kasapi at makapagbigay ng ligtas na pagkain sa pamayanan. Naniniwala rin ang samahan na "ang tunay na kayamanan ay ang kalusugan". Matatandaan na tinanghal na 1st runner-up nang nakaraang taon ang Yakap at Halik MPC.

Samantala, pinarangalan bilang *Outstanding Organic Farming Family* si G. Abelardo Malimban, MS ng FITS Bailen. Kinilala rin ang kanyang sakahan bilang *Learning Site for Agriculture* Department of Agriculture – Agricultural Training Institute (DA-ATI). Tinanggap ang nasabing parangal mula kay Sec. William Dar, kalihim ng DA.

Ilan sa mga ahensya na katuwang ng kooperatiba ay ang DA, International Institute for Rural



MS Malimban kasama ang kanyang pamilya sa pagtanggap ng parangal

Reconstruction (IIRR), Cavite State University, Cooperative Development Authority, Agricultural Training Institute – IV-A, Department of Science & Technology, Philippine Council for Agriculture & Fisheries, Department of Trade & Industry, Department of Social Welfare & Development, Department of Labor & Employment, at Landbank. (LCMatel)

CvSU-TGP accomplishment, inilahad sa taunang TGP summit

Inilahad ni Gng. Lorna C. Matel, Techno Gabay focal person sa Cavite, ang mga accomplishment ng Techno Gabay Program (TGP) sa taong 2020 sa ginanap na 1st virtual TGP Summit ng Department of Agriculture-Agricultural Training Institute (DA-ATI) Rehiyon IV-A noong Disyembre 1-3. Kabilang dito ang mga nagawa ng 15 Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center sa Cavite at ng Cavite State University (CvSU) sa pamamagitan ng Extension Services.

Sundan sa p. 4



Gng. Matel sa ginanap na TGP Summit 2020

MGA BALITANG TGP

Matel, evaluator para sa FITS Kiosk sa CALABARZON

Sa pangunguna ng Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI) Rehiyon IV-A sa pagpapaunlad ng Techno Gabay Program (TGP) sa rehiyon, isinagawa ang sabay-sabay na *Online Evaluation at Orientation* ng mga Farmers' Information and Technology Services (FITS) Kiosk na itatatag sa CALABARZON. Dahil sa kanyang kaalaman at kakayahan, naimbitihan bilang isa sa mga tagasuri si Gng. Lorna C. Matel, miyembro ng TGP Regional Technical Working Group.

Ginanap ang unang bahagi ng ebalwasyon noong Oktubre 7 para sa karagdagang Magsasaka Syentista (MS) ng mga FITS Center ng Mendez, Tanza at Alfonso at pagtatatag ng FITS Center sa Panukulan, Quezon. Kasama na rito ang pagtatatag ng 12 FITS Kiosk sa limang Agricultural Program Coordinating Office (APCO) sa CALABARZON: Bounty Fresh Farm sa Indang, Cavite; EV Sanchez Farm sa Jala Jala, Rizal; Milea Bee Farm sa Lipa City, Batangas; Cortijo

del Palsabangun sa Pagbilao, Quezon; Sweet Nature Farm sa Sta. Maria, Laguna; Bee Good Farm sa Tiaong, Quezon; at Terra Verde Farm sa Maragondon, Cavite. Kasama ni Gng. Matel sina Bb. Lilian M. Telmo ng DA-OPA Cavite at Dr. Rolando V. Maningas ng DA-ATI IV-A sa nasabing gawain.

Ang ikalawang bahagi ay isinagawa noong Oktubre 8 para sa *desk evaluation* sina Dr. Maningas at Gng. Mary Grace P. Leidia ng DA-ATI IV-A. Samantala, si Gng. Janine L. Cailo ng DA-ATI IV-A ang nagsilbing katuwang sa daloy ng nasabing mga ebalwasyon. (PGCDucusin/LCMatel)



Mga kagananapan sa online evaluation at orientation

CvSU TGP accomplishment ... mula sa p. 3

Inilahad din sa *summit* ng TGP *focal persons* ng iba't ibang *state universities and colleges* (SUCs) tulad ng University of Rizal System (URS), Southern Luzon State University (SLSU), Laguna State

Polytechnic University (LSPU) at Batangas State University (BatSU) ang kanilang *accomplishment*. Binigyang pansin din ang mga natatanging kasanayan (*best practices*) ng bawat

FITS Center sa Rehiyon IV sa panahon ng COVID-19.

Lumahok sa *summit* ang mga FITS *manager*, *Information Services Specialist* (ISS), *Technology Services Specialist* (TSS), Magsasaka Syentista (MS) at iba pang magsasaka sa CALABARZON. (LCMatel)



Gng. Matel habang naglalahad ng mga TGP accomplishment ng CvSU at mga FITS Center sa Cavite

MGA BALITANG TGP

PALUME, inilunsad

Bilang tugon sa hamon ng seguridad sa suplay ng pagkain sa gitna ng pandemya, inilunsad ng pamahalaang lokal ng Mendez-Nuñez, Cavite ang programang “Pagyamanin ang Lupang Mendez o PALUME”.

Sa pangunguna nina Hon. Mayor Atty. Frederick A. Vida at Bb. Rheena Joyce R. Guevarra, Municipal Agriculturist at manedyer ng Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center, layunin ng programa na gawing produktibo ang mga lupa at taniman ng iba't ibang klase ng gulay at patuloy na mapalakas ang produksyong pang-agrikultura sa bayan. Unang binuksan ang 3,000 metro kwadrang lupa sa Barangay Galicia 3 na tinaniman ng pechay, okra, talong, kangkong, kamatis, labanos, sayote, balinghoy at mais. Ang mga ani ay ipinamahagi sa *frontliners* ng LGU at mga barangay, samantalang ang iba ay ipinagbili.

Sa kasalukuyan, may humigit-kumulang dalawang ektaryang taniman na mula sa mga barangay ng Asis, Galicia at Miguel Mojica ang PALUME na pinangangasiwaan ng FITS Mendez/ Municipal Agriculture Office (MAO). Naging daan din ang PALUME sa pagbibigay ng hanapbuhay sa pitong residente kasama ang 18 Mendezeño na miyembro ng Aksyon sa Hamon ng Obligasyon para sa Nagbabalik-loob



Ilan sa mga magsasakang kasapi sa programang PALUME

(AHON) na nasa ilalim ng *Community -Based Therapy and Rehabilitation and After-Care Program*. Sila ang tumulong sa mga tauhan ng FITS Mendez sa pag-aayos at pamamahala ng mga lupang taniman. Nagbigay din ng tulong si G. Sixto M. Arandia, Magsasaka

Siyentista ng FITS Mendez.

Patuloy pa rin ang pamamahagi ng FITS Mendez/MAO ng iba't ibang klaseng pananim upang maibalik ang interes ng marami sa pagsasaka habang umaani ng sarili nilang prutas at gulay. (ARDPerey/RJRozul/LCMatel)



G. Arandia, MS ng FITS Mendez kasama ang mga myembro ng Kiwanis Club of Mendez na bumili ng MANNA pack rice na ipinamigay sa mga magsasaka

MGA BALITA

Amparo, lumahok sa pambansang pagsasanay sa *horticulture*

Napiling kinatawan ng Cavite State University – Extension Services (CvSU-ES) si Gng. Bernadette S. Amparo sa *National Training of Trainers Program on Horticulture Chain Management* na isinagawa at inorganisa ng Postharvest Horticulture Training and Research Center (PHTRC), College of Agriculture and Food Sciences (CAFS) ng Unibersidad ng Pilipinas - Los Baños sa koordinasyon ng Food and Agriculture Organization (FAO) noong Oktubre 26-30.

Naging bahagi ng malawak na pagsasanay ang 12 kalahok na sabayang natuto, nagbahagi ng kani-kanilang karanasan at kaalaman sa larangang kinabibilangan kasama ang mga kinatawan mula sa iba't ibang rehiyon sa bansa. Bilang paghahanda sa naturang pagsasanay, pinagsulat ang bawat kalahok ng isang *"situationer paper"* ng iba't ibang kasanayan, mga hinaharap na pagsubok sa pagpaparami ng produkto

ng taniman, mga paraan ng pag-aasikaso ng produkto matapos ang pag-aani, at kung paano ibenta sa merkado ang mga inaning produkto.

Sa pagsisimula ng pagsasanay, nagbigay ng mensahe sina Dr. Elpidio M. Agbisit, Jr., *dean* ng UPLB-CAFS, Dr. Dormita R. del Carmen, *training coordinator* at direktor ng PHTRC, at kinatawan ng FAO sa Pilipinas. Kabilang sa mga paksang tinalakay ang mga sumusunod: *"Overview of Horticultural Supply Chains"* na ipinaliwanag ng tagapagsalita mula sa FAO at PHTRC; *"Participants' Presentation of Postharvest Practices of their Regions-Status, Perspective and Issues; Biological Factors that Impact on Quality"* na nagbigay-daan sa pagbabahagi ng mga datos na nakalap ng mga kalahok tungkol sa paghahalaman; *"Harvesting and Postharvest Handling Operations"* na tinalakay nina Wella Absulio, Daphne Cassandra Gonzales, Dormita R. del Carmen at Emmanuel Q. Amatorio

mula sa PHTRC; *"Infrastructure Support System, Packaging and Transport Operations in Horticultural Supply Chains"* na ibinahagi nina G. Kevin Yaptenco ng ABPROD, CEAT, UPLB, at G. Ryan Anthony Lualhati, G. Johnrell Zuniega, Ms. Rosa Rolle at Daisy Tanafranca ng R&D Packaging Center, ITDI, DOST; at *"Statistics and Economic Analysis of Postharvest Interventions; Presentation and Class Plans"* na tinalakay ni G. John Lorenzo Yambot, Assistant Professor, INSTAT, UPLB, at Ms. Dormita del Carmen at G. Arjay Gerance ng PHTRC, UPLB.

Matapos ang talakayan, inatasan ang mga kalahok na bumuo ng *"Action Plan"* para matugunan ang mga pangangailangan at alamin ang mga diskarte na maaaring makatulong para sa ikauunlad ng paghahalaman hanggang sa anihan.

Naging daan ang nasabing gawain upang maging pambansang tagapagsanay ang mga kalahok, kasama na si Amparo. (RAAstudillo)

Ika-15 EIHR sa new normal ...

mula sa p. 1


maunawaan kung nasa tamang direksyon ang mga proyekto. Ibinahagi din ni Dr. Robles ang *accountability, transparency, compliance sa regulatory services* at *ethical values* bilang apat na prinsipyong kaugnay ng responsibilidad na patuloy na maghatid ng magandang serbisyo para sa pamantasan at pamayanan.

Samantala, binigyang-diin ni Dr. Ruel M. Mojica, bise presidente ng Research and Extension, ang kahalagahan ng pagsubaybay at

pagsusuri ng mga programa at proyektong pang-ekstensyon upang maging sukatan kung naging epektibo ang implementasyon ng mga proyekto at upang magsilbing gabay sa mga ahensyang nagbibigay ng pondo. Hiniling din niya na maging matapat at kooperatiba ang lahat upang mas mabigyang pansin ang dapat at hindi dapat gawin sa implementasyon ng proyekto para sa ikakabuti ng komunidad.

Matapos ilahad ni Gng. Bernadette S. Amparo

Sundan sa p. 11



Ilan sa mga dumalo sa EIHR

MGA BALITA

Unang pagsasanay sa QRP, isinagawa

Kaugnay ng Quick Response Project (QRP), sinimulan noong Disyembre 15 ang apat na araw na pagsasanay sa Organic Training Center ng Luksuhin, Alfonso, Cavite

Sa pagbubukas ng nasabing gawain, nagbigay ng mensahe sina Gng. Eugenia Mojica, FITS *manager*, at Kgg. Marietta Rom, konsehala ng Alfonso. Ipinaliwanag naman ni Gng. Lorna C. Matel, deputy consortium director-STAARRDEC, ang proyektong pinamagatang "Pagpapayabong ng mga Produktong Agrikultura: Sagot ng STAARRDEC Laban sa Covid 19".

Ibinahagi ni G. Rodrigo H. Diloy, tagapagsalita, ang iba't ibang teknolohiya simula sa *Container Gardening of Vegetable Crops* na nakatuon sa pagpupunla, paglilipat ng pananim sa paso, at paghahalaman gamit ang iba't ibang uri ng mga sisidlan, lagayan o kahit anumang

pwedeng taniman sa bakuran. Nagsilbing gawain ng mga kalahok sa unang araw ang aktwal na paggawa ng *container* gamit ang *recyclable materials*. Sa ikalawang araw naman ay tinalakay ang *SNAP Hydroponics*, isang teknolohiya sa paghahalaman na walang ginagamit na lupa. Binigyang-diin niya ang bentahe ng paghahalaman na gamit lamang ang tubig at solusyon para mapalago at mapaganda ang mga punla. Bilang aplikasyon, gumawa ang mga kalahok

ng isang *set-up* ng *SNAP Hydroponics*. Samantala, organikong pataba naman gamit ang *Fermented Fruit Juice*, *Fermented Plant Juice* at *Fish Amino Acid* ang produkto nila sa ikatlong paksa na tungkol sa *Preparation of Organic Fertilizer*.

Sa ikaapat na araw, tinalakay ni Bb. Gretchen Barredo, tagapagsanay mula sa Department of Trade & Industry (DTI-Cavite), ang *Product Development: Packaging and Labeling* na nakatuon sa wastong *Sundan sa p. 8*



Mga kalahok matapos ang apat na araw na pagsasanay

Seco Laolao para sa mga mangingisda, sinimulan ng CvSU-CC

Sinimulan ng CvSU-Cavite City *campus* ang produksyon ng *Seco Laolao* para sa mga komunidad ng mga mangingisda bilang bahagi ng kanilang programang pang-ekstensyon sa taong 2020.

Ang *Seco Laolao* ay isang produkto mula sa isdang *Laolao* na matatagpuan sa mga baybayin ng Cavite City. Labinlimang empleyado ang mga paunang benepisyaryo ng programa.

"Sana magtuloy-tuloy na ito sa 2021," pahayag ni Malou Constantino, kinatawan ng komunidad ng mga mangingisda.

Nakatalaga ang Hospitality Management ng nasabing kampus sa

pagtiyak na nasusunod ang *health protocols* sa paggawa habang Business Management *unit* naman ang tumutulong sa pagbebenta ng *Seco Laolao*.

Ang nasabing gawaing pang-ekstensyon ay karagdagan sa

Computer Literacy Technical Assistance ng Department of Information Technology at Basic Grammar and Technical Writing Refresher Course ng Department of Arts and Sciences at Department of Teacher Education and Languages. (ESCaparaz / JIJangad)



Paggawa ng Seco Laolao sa Cavite City

MGA BALITA

CvSU, dumalo sa pulong ng CSO-Cavite

Dumalo si G. Joselito F. Ersando, puno ng Community Engagement and External Relations Division ng Cavite State University - Extension Services (CvSU-ES), sa ginanap na pulong ng mga kasapi ng Civil Society Organization (CSO) sa Cavite noong Oktubre 29 sa pamamagitan ng *Google Meet*.


Tatlumpung (30) kasapi ng CSO ang dumalo sa nasabing pagpupulong na kinabibilangan ng *State Universities and Colleges (SUCs), Interfaith Organizations, Municipal at City Links* at mga kawani ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) Cavite. Ang pagpupulong ay sinimulan sa isang maikling panalangin na pinamunuan ni Pastor Mauricio Hernandez, pangulo ng Tagaytay Ministerial Fellowship, Inc. Samantala, malugod namang tinanggap at binigyang pagkilala ni G. Tony Binalla, *Provincial Link* ng Cavite, ang lahat ng dumalo.

Sa pulong, tinalakay ang kasalukuyang sitwasyon ng Cavite Pantawid Program na inilahad nina G. Carlos Bernabe M. Obana at G. Angelo Amor Peñalba, kasalukuyang

Provincial Monitoring and Evaluation Officers ng DSWD Cavite. Binigyan din ng pagkakataon na mag-ulat ang bawat kinatawan ng iba't ibang CSO tungkol sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4P's). Tinalakay naman ni Bb. Angelica Anne Leonor, CSO Partnership Focal Person, ang *implementing rules and regulations* (IRR) ng RA 11310

o mas kilala bilang 4Ps Act. Tinalakay din ni Bb. Leonor ang RMC No. 4 Series of 2020 o *Supplemental Guidelines of CSO Engagement with Pantawid Program*.

Sa susunod na taon, magkakaroon ng pagsusuri sa mga *Memorandum of Agreement* (MOA) na nilagdaan sa pagitan ng DSWD at mga CSO. Sa mga susunod na MOA, tatlong taon ang magiging bisa ng kasunduan na gagawin ng DSWD. (JFErsando)



Ang mga kinatawan ng iba't ibang ahensya na dumalo sa pagpupulong

Unang pagsasanay sa QRP ... mula sa p. 7

paggawa ng *label* at pag-iimpake ng produkto upang mas mapataas ang kalidad at presyo ng produkto.

Dalawa sa napiling dumalo sa pagsasanay ay mga Magsasaka Syentista ng FITS Alfonso na sina G. Pepito Vesleno at Arnold Rogador kasama rin sina G. Gregorio Rom, Gng. Aurora Romero at Gloria Vicedo. Inaasahang maipapasa ng mga kalahok ang kanilang natutunan sa iba upang magkaroon ng paunang 30 benepisyaryo ang gawain. (RAAstudillo/LCMatell)



Si Bb. Barredo habang ipinaliliwanag ang tungkol sa Packaging and Labeling



Pagsasanay na isinagawa kaugnay ng QRP

MGA BALITA

CvSU, Silan Agri Farm, naglunsad ng 5 pagsasanay

Limang pagsasanay ang inilunsad para sa ikalawang taong implementasyon ng proyektong “*Transforming Silan Farm in Indang, Cavite into Science and Technology-based Convergence of Agriculture and Tourism*” (SciCAT) na isinagawa sa Silan Agri Farm sa Brgy. Tambo Kulit, Indang, Cavite.

Layunin ng mga nasabing pagsasanay na bigyan ng karagdagang kaalaman at kapasidad ang Silan Agri Farm, mga interesadong magsasaka at negosyante sa mga karatig barangay at bayan tungkol sa mga makabagong

teknolohiya ng Cavite State University (CvSU) at ibang *research institutions* sa bansa.

Ang mga pagsasanay na isinagawa ay ang mga sumusunod: *Drip Irrigation System* at *Lakatan Production* kasama sina Engr. Riem S. del Rosario, G. Reynato N. Rozul, G. Edilberto R. Silan at 37 kalahok (Setyembre 18); *Good Manufacturing Practices* at *Food Safety* kasama si G. Jason D. Braga at 25 kalahok (Oktubre 16); at *Native Goat Production* kasama sina Ms. Dianne D. Olarve,

Dr. Irvin dL. Matel, Ms. Ma. Cecille N. Basa, G. Jessie C. Perlado at 25 kalahok (Oktubre 25).

Ang SciCAT na pinamumunuan ni Dr. Lilibeth P. Novicio ay isa sa mga proyekto ng CvSU na pinondohan ng Department of Science and Technology – Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (DOST-PCAARRD) sa ilalim ng *Establishment of DOST-PCAARRD Science for the Convergence of Agriculture and Tourism*. (BSAmparo)



Sina G. Rozul (kaliwa), G. Silan (gitna) at G. Braga (kanan) sa isinagawang mga pagsasanay sa lakatan production at Food Safety and GMP

TDF, dinalaw ang Banaba Cerca Farmers Association

Bagamat may banta ng pandemya, hindi ito naging balakid sa pagpapatuloy ng paglilingkod ng opisina ng Extension Services (ES) sa komunidad ng Indang. Bumisita si G. Rodrigo H. Diloy, puno ng Techno Demo Farm, kasama sina G. Felix Joselito H. Noceda ng Agricultural Program Coordinating Office (APCO) - Cavite at G. Domingo Austria ng Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center ng Tanza, sa Brgy. Banaba Cerca, Indang, Cavite noong Oktubre 10 upang ilahad ng mga gawaing pang-ekstensyon sa mga magsasaka ng barangay.

Ito ay bilang pagtugon sa kahilingan ni G. Rodrigo Creus, pangulo ng Banaba Cerca Farmers Association, kay Gng. Lorna C. Matel, puno ng

Technology Promotion Division, para sa isang konsultasyon tungkol sa agrikultura.

Sa nasabing gawain, ibinahagi nila ang layunin, adhikain at mithiin ng opisina at ahensya para makatulong sa mga mamamayan. Umabot ng 73 miyembro ng Banaba Cerca Farmers Association ang dumalo sa naturang pagtitipon. Ipinakilala rin ng mga tagapagsalita ang sistema ng ahensya at pinalawig ang kaalaman ng mga dumalo tungkol sa mga teknolohiya at serbisyong maaaring ilaan para matugunan ang kanilang mga pangangailangang pang-agrikultura at pangkabuhayan. Naging matagumpay ang pagbabahagi ng naturang mithiin dahil sa naging interesado ang mga

nagsidalo na matuto at magkaroon ng alternatibong paraan para sa kanilang kabuhayan sa *new normal*. (RAAstudillo)



G. Diloy (itaas) nagbabahagi ng impormasyon sa mga dumalo (ibaba)

MGA BALITA

SciCAT, namahagi ng papaya sa FITS Centers

Patuloy ang pamamahagi ng donasyon ng Cavite State University (CvSU) at Silan Agri Farm sa pamamagitan ng proyektong *Science for the Convergence of Agriculture and Tourism* (SciCAT).

Ipinamahagi ang 950 kilong papaya mula sa Silan Agri Farm sa iba't ibang Farmers' Information & Technology Services (FITS) Center sa Cavite noong Oktubre 29. Kasama sa mga nabigyan ang FITS Center ng Naic, Tanza, General Trias City, Dasmariñas City, General Mariano Alvarez (GMA), Bacoor City, at Office of the Provincial Agriculturist (OPA) sa Trece Martires City.

Dahil sa epekto ng pandemya, karamihan sa miyembro ng mga FITS Center ay nahirapan sa paghanap ng pinagkakakitaan. Naging tulong ang mga papayang ipinamigay upang makagawa sila ng mga dagdag-kitang produkto tulad ng atsara, pinatuyong kendi at nektar.

Ang FITS Center o Techno Pinoy ay bahagi ng Techno Gabay Program (TGP) na nagbabahagi ng kaalamang magagamit ng mga magsasaka at ng mga manggagawa sa ekstensyon. Ito ay dating nasa ilalim ng Technology Transfer at Research and Development

Utilization ng Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (PCAARRD) sa Los Baños na ngayon ay nasa pamamahala na ng Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI).

Sa kabilang banda, ang proyektong SciCAT ay nasa pamamahala ng Office of the Vice President for Research and Extension - Extension Services (OVPRE-ES) at pinopondohan ng DOST-PCAARRD na naglalayong maitaguyod ang teknolohiya sa agrikultura, makapagbigay ng trabaho sa munisipalidad, at makapag-ambag sa pagpapabuti ng agrikultura sa komunidad.

Ang gawaing ito ay isinakatuparan sa kabutihang-loob ng Silan Agri Farm na pag-aari ni Magsasaka Siyentista Edilberto R. Silan at pinamamahalaan ni Bb. Sheila Elaine Silan, sa pakikipagtutulongan sa mga tauhan ng SciCAT na pinangungunahan ni Dr. Lilibeth P. Novicio, lider ng proyekto, at ng OVPRE-ES, kasama ni Gng. Lorna C. Matel, focal person ng TGP sa Cavite. (LPNovicio/SMLdeLeon)



Pamamahagi ng papaya sa iba't ibang FITS Center sa Cavite

Matel, dumalo sa pagpupulong ng RAFEN



Mga dumalo sa pagpupulong ng RAFEN

Dumalo si Gng. Lorna C. Matel, puno ng Technology Promotion Division ng Extension Services, sa ginanap na pulong ng Regional Agriculture and Fisheries Extension Network (RAFEN) noong Nobyembre 25 sa pangunguna ng Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI) IV-A. Kabilang sa pulong ang *state universities and colleges* (SUCs) sa CALABARZON, iba pang ahensya ng gobyerno at mga pribadong sektor.

MGA BALITA

STAARRDEC, ibang ahensya, nagpulong para sa proyekto kontra COVID-19

GINANAP NOONG Oktubre 20 ang *inception meeting* para sa proyekto ng Southern Tagalog Agriculture, Aquatic and Resources Research, Development and Extension Consortium (STAARRDEC) na “Pagpapayabong ng Produktong Agrikultura: Sagot ng STAARRDEC Laban sa COVID-19”. Kabilang sa mga dumalo sa Zoom ay mga kinatawan ng Department of Agriculture – Agricultural Training Institute Calabarzon (DA-ATI IVA), Bureau of Plant Industry – Los Baños National Crop Research, Development and Production Support Center (BPI-LBPNCRDPS), Department of Trade and Industry – Cavite (DTI-Cavite), Farmers Information and Technology Services (FITS) Center ng Alfonso, Local Government Unit (LGU) ng Alfonso, Cavite State University – Extension Services (CvSU-ES) at STAARRDEC.

Sinimulan ang pulong sa isang maikling panalangin na pinangunahan ni Gng. Jocelyn dZ. Austria, *support staff* ng STAARRDEC. Tinalakay ni Dr. Marilyn M. Escobar, consortium director, ang nilalaman ng buong proyekto gayundin ang magiging tungkulin ng bawat ahensya na kabilang dito. Tatagal ng pitong buwan ang nasabing proyekto na gagamit ng urban gardening, container gardening, hydroponics at organikong pataba sa 30 urban garden na inaasahang maitatayo sa mapipiling lugar.

Nagkaroon din ng seremonyal na paglagda ng Memorandum of Agreement (MOA) pagkatapos ng talakayan. Sa pagtatapos, nagbigay ng maikling mensahe si Gng. Lorna C. Matel, deputy consortium director ng STAARRDEC. (JFEsando)



Ang mga kinatawan ng iba't ibang ahensya na kasama sa proyekto

Kasunduan ng QRP ...

mula sa p. 2

Nakasaad sa nasabing MOA ang mga magiging tungkulin ng mga ahensyang kasama sa nasabing proyekto. Ang paglagda ay maging hudyat ng pormal na pagsisimula ng nasabing proyekto. Bukod sa pagkukunan ng dagdag na pagkain, inaasahan din na ang proyektong ito ay makakapagbigay ng dagdag na kita para sa mga benepisyaryo sa panahon ng pandemya. (JFEsando)



Si Dr. Novicio ng CvSU-ES habang lumalagda ng MOA

Ika-15 EIHR sa new normal ...

mula sa p. 6

ang mga impormasyon at panuntunan para sa nasabing gawain, ipinakilala niya ang mga lupon ng tagasuri na kinabibilangan nina Dr. Rolando V. Maningas ng ATI-CALABARZON, Dr. Armando V. Mendoza, Jr. ng Batangas State University at Dr. Almira G. Magcawas ng Cavite State University.

Labing-tatlong (13) *on-going extension papers* ang inilahad, anim mula sa Naic Campus, tatlo mula sa Silang Campus at tig-iisa mula sa College of Arts and Sciences (CAS), Cavite City, Imus at Carmona. Nakibahagi rin sa gawain ang 82 katao mula sa iba't ibang kolehiyo, kampus at yunit ng CvSU. Sa kanyang pangwakas na pananalita, lubos na pasasalamat naman sa mga dumalo ang hatid ni Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng ES. (BSamparo)

MGA BALITA

ES, namahagi ng IEC at *face masks* sa FITS Centers

Sa pangunguna ni Gng. Lorna C. Matel, Techno Gabay *focal person* ng Cavite, namahagi ang Extension Services (ES) ng *Information, Education and Communication* (IEC) *materials* at *office supplies* sa mga katuwang na 14 na Local Government Unit (LGU) sa Cavite nitong Disyembre. Kabilang sa ipinamahagi ang tatlong polyeto na naglalaman ng mga programa at proyekto para mas komprehensibong pagbibigay ng impormasyon tungkol sa Extension Services, Techno Gabay Program sa Cavite at CvSU Bee Program na tungkol sa pag-aalaga ng bubuyog; *notepads*, mga bolpen at lapis na magagamit sa mga gaganaping pagsasanay; UGNAYAN *newsletter* na nagbabalita ng mga kaganapan sa Unibersidad; at *face masks* mula sa

Project MASKS ni Dr. Ruel M. Mojica, Vice President for Research and Extension at Commission on Higher Education (CHED).

Tinanggap ng 14 na FITS Center ng Alfonso, Amadeo, Indang, Mendez, OPA Cavite, GMA, Dasmariñas City, Imus City, General Trias City, Naic, Tanza, Magallanes, Maragondon at General Aguinaldo ang mga ipinamahagi nang may pasasalamat. Bilang mga katuwang na ahensya, binigyan din ng nasabing mga materyal ang Department of Agriculture – Agricultural Training Institute (DA-ATI) Rehiyon IV-A at Department of Trade and Industry (DTI) Cavite sa pangunguna nina Dir. Maria Piamonte-Cosico at Dir. Revelyn Cortez. (PGCDucusin)



Pamamahagi ng mga IEC at *face mask* sa mga katuwang na ahensya ng Extension Services



IEC materials na ipinamahagi sa mga katuwang na ahensya ng Extension Services kasama ang ilang office supplies at *face mask*

Matel, dumalo sa pagpupulong ... mula sa p. 10

Sa pulong, ibinahagi ni Gng. Matel ang mga proyekto at programang pang-ekstensyon ng Unibersidad para sa taong 2020 na patungkol sa agrikultura at mga pagsasanay para sa mga magsasaka. Nagbahagi rin si Gng. Matel ng mga makabuluhang karanasan at aktibidad na isinagawa ng Extension Services sa panahon ng pandemya at bilang pagharap sa *new normal*. Nagpalitan ng suhestiyon at ideya ang mga dumalo na makakatulong para sa ikauunlad ng pagpapalano, pagpapatupad, pagsubaybay at ebalwasyon ng mga proyekto at programa hinggil sa ekstensyon. (PGCDucusin)

UGNAYAN

Tagapamahalang Patnugot

Lady Aileen A. Orsal

Katulong na Patnugot

Melinda B. Eugenio

Mga Kontribyutor

Lorna C. Matel
Lilibeth P. Novicio
Joselito F. Ersando
Jemerias L. Jangad
Emeriza S. Caparaz
Razelle A. Astudillo
Paula Gie C. Ducusin
Bernadette S. Amparo
Sheena Mae L. de Leon
Rheena Joyce R. Rozul
Asaleah Rheem D. Perey

Mga Editoryal Konsultant

Dr. Ma. Fatima I. Cruzada
Dr. Ruel M. Mojica
Dr. Hernando D. Robles

Opisinang Pang- editoryal

Knowledge Management Center

5th Flr. Ladislao Diwa Library and Museum Bldg.
Cavite State University
Indang, Cavite
Telepono ☎ (046) 4150212